

## Nothing About Us Without Us: Boses ng mga Kababaihan Ayta Abellen

A Voice Special Feature  
May 2020

Ang Samahan ng Maporac (o KASAMA) ay isang samahan ng katutubong kababaihan na Ayta Abellen sa ilalim ng Maporac Ayta Organization (MAO). Nasa ilalim nito ang mga tribong Ayta Abellen na nagmumula sa ancestral domains ng Maporac, Cabangan, at Zambales.

Bilang bahagi ng MAO, itinataguyod ng KASAMA ang mga karapatan ng kababaihan sa loob ng kanilang tribu at komunidad. Nilalayan din nila ang mga sumusunod:

1. mapahusay ang kaalaman, kasanayan at kalidad ng kalusugan ng mga kababaihan ng Ayta Abellen;
2. mapakinabangan ang mga pagkakataon para sa kabuhayan na iginagalang ang mga kakayahan ng tribong Ayta;
3. protektahan at pagyamanin ang domain ng ninuno; at
4. palakasin ang pagkakampanya sa mga diskriminasyon laban sa kababaihan.

Nang binuo ang KASAMA noong 2010, walang tinukoy na layunin o malinaw na mga plano upang ipatupad ang mga proyekto. Ang dahilan kung bakit sila nabuo ay hindi natanto mula sa loob. Nasa likuran lamang sila ng MAO-CADT at dahil dito, hindi sila nakikilala bilang KAMASA at hindi nakakakuha ng suporta mula sa lokal na pamahalaan at barangay.

### Pagpapalaganap ng Impormasyon ukol sa Karapatang Pantao

Maraming naranasang diskriminasyon ang mga Ayta Abellen mula sa mga barangay. Nang mga panahong iyon, ang mga opisyal ng barangay at iba pang mga lokal na opisyal ay kulang sa pag-intindi tungkol sa *gender sensitivity and awareness*. Hindi nila sinusupportahan ang mga kababaihan humingi at makisali sa ligal na proseso at payo. Dahil dito mas lalo pa pinalaganap ang pananaw na ang karahasan laban sa babae (Violence Against Women o VAW) ay isang pribadong isyu na dapat lutasin ng mga partidong kasangkot o sa loob ng pamilya lamang. Ang mas matindi, sa mga kaso ng karahasan sa kababaihan, ay kadalasang pinanghihimasukan ng mga opisyal ng barangay upang makipagkasundo ang babae sa nang-aabuso sa kanya sa kabila ng batas na RA 9262 (Anti-Violence Against Women and their Children Act) na nagbabawal sa naturang gawain.

### Pagtimbang ng Kultura at Polisiya

Ang KASAMA ay nagkaproblema sa pagpapaliwanag at pagkuha ng suporta para sa polisiya ukol sa *home birthing* o mga bahay panganakan. Pinipilit sila ng LGU, na hindi nauunawaan ang kultura ng Ayta Abellen sa pagsilang sa bahay, na manganak sa mga ospital o *rural health units* (RHU). Dahil dito, ang hilot ay hindi na pumupunta sa kanila, kung kaya't obligado silang pumunta sa ospital, na madalas na malayo sa kanilang mga bahay o magastos. At madalas silang nakaranas ng diskriminasyon mula sa mga ospital dahil sa paniwala na ang mga kababaihan ni Ayta Abellen mula sa Sitio Maporac ay hindi nagsasagawa ng personal na kalinisan. Bilang karagdagan, sinabihan din sila na ang hilot ay walang pormal na edukasyon na kung bakit marami ang namamatay sa mga *home birth*. Ngunit ito ay pinabulaanan ng mga babaeing lider ng KASAMA.

Gayunpaman, sa kabila ng mga hamon na kinakaharap nila, ang mga kababaihan ay patuloy na nagsasanay sa pagiging isang lider upang matugunan ang mga pang-aabuso at nang mabago ang sitwasyon ng kanilang mga komunidad. Subalit kulang sila sa pormal na pagsasanay para sa wasto, matatag at pangmatagalang pagpapatakbo sa KASAMA.

### Pagpapalakas ng Boses ng mga Kababaihan

Noong Enero 24, 2018, ang Women's Legal and Human Rights Bureau (WLB) ay nagsagawa ng isang pagpupulong sa KASAMA, na pinangungunahan ng apat na babaeng lider mula sa Maporac, Zambales. Isa sa mga layunin ay para magkaroon sila ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa pagiging isang Ayta Abellen, at upang palakasin ang kanilang ugnayan sa KASAMA. Pagkatapos na mailahad at matukoy ang mga layunin at programa, isinagawa na ang sunud-sunod na mga *capability-building workshops* o mga pagsasanay.


Simula noon, maraming pagbabagong nangyari sa KASAMA. Napalakas nila ang kanilang samahan. Naayos ang paraan ng kanilang pagtrabaho at pakikipag-ugnay sa kanilang mga kasapi, miyembro, kasosyo, *stakeholders*, at mga katuwang sa adbokasiya. Lumakas ang kanilang loob para ipaglaban ang mga kababaihan ng Zambales, dahil armado na sila ng kaalaman at pag-unawa sa Republic Act 9262. Lumakas ang boses nila sa pakikipaglaban sa iba't ibang anyo ng diskriminasyon, pang-aabuso, at karahasan laban sa kababaihan. Mas natutulungan na nila ang kanilang kapwa Ayta Abellen na kababaihan na nangangailangan ng suporta at gabay. Gumagawa sila ng pananaliksik at nagbabahagi ng mga kwento tungkol sa mga katutubong kababaihan at mga karanasan na kung


saan nakalikha ng sistema ng suporta sa kanilang sarili at sa mga kababaihan sa kanilang mga komunidad. Isinulong din nila ang pakikipag-ugnayan sa kanilang mga pinuno ng tribo at mga ahensya ng gobyerno upang masiguro ang pag-access sa mga serbisyo. Ang kanilang sinanay na mga kababaihang lider ay tumaas mula apat hanggang sampu. Dahil dito, lumawak ang kanilang programa at mas maraming kababaihan silang natutulungan.


Ang KASAMA ay patuloy na umuunlad at inaasahan ang pagpapalawak ng samahan upang maabot ang mas maraming kababaihan.

### Ito ang ilan sa mga kwento ng mga kababaihan ng Ayta Abellen

 <p><b>MARLYN DELA CRUZ</b> Brgy. New San Juan Woman Leader, KASAMA Ayta Abellen</p>	<p>Mula ng nakipag-ugnayan ang WLB dito sa aming komunidad, marami pong nabago sa aking sarili. Dati mahiyain ako pero nawala na ang aking pagkamahiyain, lumakas na ang aking loob, at marami rin akong natutunan tulad po ng RA 9262. Nalaman ko kung ano yung mga nakapaloob doon, at yung karapatan ng mga babaeng Ayta Abellen na karamihan dati ay nakakaranas ng diskriminsayon. Palibhasa dahil babaeng Ayta kami, akala nila hindi namin kayang makihalubilo o makilahok sa mga ganitong gawain. Mula ng nandito na ang WLB, ito na ako. Kaya (ko) na makipag-dayalogo kahit sa LGU o sa mga ibang ahensya ng gobyerno. Kahit ako ay babae, ako yung taong may prinsipyo sa buhay. Ayaw kong nakikita yung kapwa kong kababaihan na hinahamak-hamak lang ng mga dayuhan o mga hindi katutubong Ayta.</p> <p>Marami akong natutunan nung dumating ang WLB. Ito yung umpisa ko sa pag-training, paano mag-facilitate, nagkaroon ng lakas ng loob, pati lakas ng boses.</p> <p>Nababahagi ko ito sa ibang kababaihang Ayta Abellen kasi marami dito sa aming komunidad na hindi pa bukas, lalo na sa VAWC. Malimit, pagdating sa mga barangay, sine-settle nila agad kasi hindi pa alam ng karamihan ano ibig sabihin ng VAWC o R.A. 9262.</p>
 <p><b>EMERISA MANILA</b> Brgy. _____ Woman Leader, KASAMA Ayta Abellen</p>	<p>Nagkaroon ako ng kaalaman sa mga pinag-aralan sa WLB, at lahat po ng aking nalaman ay nagagamit ko sa aking pang-araw-araw na pamumuhay. Halimbawa, meron akong kaibigan na lumapit sa akin na humihingi ng tulong para sa emosyonal na problema... sinasabi ko kung ano yung mga natutunan ko sa mga uri ng mga batas na dapat malaman ng isang kababaihan, kagaya ng (R.A.) 9262. Na ayon sa batas, tulad ng halimbawang pananakit sa asawa, kailangan bigyan ng proteksyon yung nasaktan.</p> <p>Sine-share ko kung ano yung dapat nilang gawin. Kasi dati hindi nila alam ang dapat gawin. Dati, pag sinaktan sila, iiyak na lang sila sa isang sulok. Pero ngayon, nagkakaroon sila ng lakas ng loob na lumapit sa mga sa ahensya ng gobyerno.</p> <p>Para sa aking sarili, malakas na ang loob ko ngayon. Hindi lang ako isang babae, kundi isang babae na may boses na dapat maipagtanggol ang karapatan bilang Ayta Abellen.</p>
 <p><b>CELY DACPANO</b> Brgy. _____ Woman Leader, KASAMA Ayta Abellen</p>	<p>Ako ay nagpapasalamat dahil sa hindi ko naabot na natutunan noon ay natutunan ko na ngayon. Halimbawa, may tanong sa akin tungkol sa mga problema ng kababaihan. Pinapaliwanag ko kung ano ang dapat gawin at hindi dapat gawin.</p> <p>Para sa mga kababaihan na merong tanong, kung meron kang <i>i-share</i> na alam, pwede mo siyang payuhan bilang isang kababaihan.</p>

	<p>Natutunan ko ang batas para sa mga kababaihan, gaya ng batas laban sa karahasan.</p> <p>Natutulungan ko ang aking mga kapatid na Ayta Abellen bilang miyembro sa organisasyon ng KASAMA na pag may lumalapit sa akin na may problema ng kababaihan, tulad ng karahasan, naabisuhan ko sila sa pamamagitan ng batas ng kababaihan o <i>anti-VAWC</i>. Patuloy ko itong pinag-aaralan para kung may lalapit pa, patuloy akong makakatulong sa aking kapwa kababaihang Ayta Abellen.</p>
<p><b>TEODORA DIMAIN</b> Brgy. _____ Woman Leader, KASAMA Ayta Abellen</p>	

	<p>Maraming nagbago sa aking sarili kasi ang WLB ay nagbigay sa amin ng kaalaman patungkol sa aming mga kababaihan, lalo na sa mga karapatan ng mga Ayta Abellen. Gaya ng mga usapin sa mga kalalakihan na nagkaron ng hindi pagkakaunawaan. Naituro na kaming mga babae ay hindi dapat nililiit, at hindi pang bahay lamang. Natuto kami kung paano ipaglaban ang aming karapatan bilang kababaihan ng Ayta Abellen.</p> <p>Sa ngayon, kapag ang kapwa naming babaeng Ayta Abellen ay may problema, maging sa kanilang pamilya o kaya sa labas, nagkaroon kami ng kaalaman para mai-share sa kanila yung aming mga natutunan. Amin silang niyayakap at pinapaliwanagan ng mabuti para matanggap nila ang aming binabahaging kaalaman. Na-appreciate namin yung ganong kaalaman at pagtulong sa ibang kababaihan kasi nandyan naman yung pagtugon nila para sa amin.</p>
<p><b>TERESITA LADRINGAN</b> Brgy. _____ Woman Leader, KASAMA Ayta Abellen</p>	

	<p>Malaki ang nagbago sa aking sarili dahil marami akong natutunan na pwede ko ibahagi sa kapwa kong kababaihan. Kagaya ng tungkol sa mga karahasan sa mga may ka-relasyon – na hindi ka pwede saktan ng ka-relasyon mo. Natapos na kasi yung karahasan na nangyari sa tunay kong buhay. Noon kasi, kahit na sinaktan ako, tinanggap ko kasi dala lang ng pagkakamali ko. Pero, mali palang paniniwala yun dahil meron naman yung anti-VAWC law na, kahit nagkamali ka, bilang isang babae, ay may karapatan kang ipaglaban ang sarili mo.</p> <p>Sa ngayon, hindi ko pa nagagamit ang aking mga natutunan sa pagtulong sa ibang kababaihang Ayta Abellen dahil sa komunidad ko, simula nang naisiliwalat sa mga kababaihan yan, parang natakot yung mga kalalakihan. Hindi na sila nananakit. Pagdating naman sa mga bata, mga batang babae, wala din naman kasi natural din naman na kung minsan na magalit tayo sa bata kasi may kasalanan. Pero handa akong ituro sa anak kong babae ang mga nalalaman ko, at willing na willing ang anak ko matuto.</p>
<p><b>ELY D. FRANCO</b> Brgy. _____ Woman Leader, KASAMA Ayta Abellen</p>	

**Pictures of Group Activities**





**Kami ay kababaihang Ayta Abellen, may karapatan, lumalaban!**